Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN

Marso 2, 2023

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 077, s. 2023

**MODERNONG GURO, MODELO KO: PAKITANG-TURO NG MGA DALUBGURO SA PAGPAPAHUSAY NG PROSESO NG PAGTUTURO-PAGKATUTO SA LARANGAN NG FILIPINO**

Sa mga: Hepe ng CID
Tagamasid Pampurok
Puno ng mga Paaralang Elementarya
Sa Iba pang Kinauukulan

1. Itinatakda ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 2, s. 2015 ang *Guidelines and Implementation of Results-based Performance Management System* (RPMS) ng Kagawaran ng Edukasyon at alinsunod sa Seksyon 5 ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 42, s. 2017 ang *National Adoption and Implementation of the Philippine Professional Standards for Teachers* na isa sa mga pangunahing tungkulin ng dalubguro na itinuturing na *highly proficient teachers* ay magsilbing gurong modelo sa pagpapakitang-turo, tugon sa pagpapaigting ng Proyektong BBK (Basa nang Basa Tungo sa Komprehensyon)

2. Kaugnay nito ang paglulunsad ng Modernong Guro, Modelo Ko: Pakitang-Turo ng mga Dalubguro sa Pagpapahusay ng Proseso ng Pagtuturo-Pagkatuto sa larangan ng Filipino na may sumusunod na layunin:

   a. mapahusay ang ang proseso ng pagtuturo-pagkatuto sa larangan ng Filipino gamit ang makabagong estratehiya, pamamaraan, dulog at istilo para sa makabagong pananaw ng pagtuturo at pagkatuto;

   b. mahikayat ang mga guro na maging malikhain, mapamaraan at magkaroon ng *futures thinking* sa larangan ng pagtuturo;

   c. makapag-*benchmark* ng mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino at magkaroon ng gabay sa lokalisasyon, kontekstuwalisasyon at indihenisasyon ng aralin batay sa pangangailangan at karanasan ng mga mag-aaral; at

Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph*

d. makagamit ng teknolohiya at awtomasyon sa pagtuturo bilang pangunahing kahingian sa pagkamit ng Edukasyon 4.0. Nangangailangan ito ng integrasyon ng teknolohiya sa kurikulum sa pagpapaunlad ng proseso ng pag-aaral upang mapahusay ang pagtuturo-pagkatuto ng mga guro at batang makabansa.

3. Kalakip ng Memorandum na ito ang pangkalahatang tuntunin sa pagsasakatuparan ng gawaing ito.

4. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ROWENA T. QUIAMBAO, CESE**
Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Nanunuparang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

CID/JOD-Division Memo-Modernong Guro, Kaagapay Ko
0002/March 2, 2023

Enklosyur Bilang 1 mula sa Memorandum Pansangay Bilang ____

**PANGKALAHATANG TUNTUNIN SA MODERNONG GURO, MODELO KO: PAKITANG-TURO NG MGA DALUBGURO SA PAGPAPAHUSAY NG PROSESO NG PAGTUTURO-PAGKATUTO SA LARANGAN NG FILIPINO**

1. Lahat ng distrito ay inaasahang makapagsagawa ng pakitang-turo na magsisimula sa buwan ng Abril hanggang Hulyo para sa taong aralan 2022-2023, samantalang sa taong 2023-2024 ay mula buwan ng Agosto hanggang Hulyo at ipagpapatuloy sa hinaharap hanggat hindi itinatakda ng tanggapan ang paghinto nito.

2. Sabayan ang lahat ng distrito sa pagsasagawa ng nasabing programa tuwing huling Biyernes ng bawat buwan na magsisimula ng ika-3:00 nh o anumang oras matapos ang regular na klase ng mga mga mag-aaral.

3. Dalawang dalubguro ang inaasahang mangunguna sa pakitang-turo.

4. Ang mga dalubguro mula sa *Key Stage 1at 2 – Grades 1 to Grade 6* ang inaasahang magpapakitang-turo at ang magsisilbing mag-aaral ay mga Guro 1 hanggang 6 na mula rin sa antas na nabanggit.

5. Magsisilbi naman bilang mga tagamasid ang tagamasid pampurok, punong-gurong tagapayo sa Filipino sa bawat distrito at kapwa-dalubguro na may mas mataas na antas (kung mayroon man).

6. Ang tanggapang pansangay ay pipili ng tatlong (3) modelong guro mula sa 33 distrito na nagpakitang-turo sa bawat buwan. Sila ay pipiliin sa pamamagitan ng kabuuang puntos mula sa ebalwasyon ng mga kalahok sa pakitang-turo (50%) at kabuuang marka na ibibigay naman ng mga nagsilbing tagamasid (50%). Ipapasa nang naka-PDF ang kopya ng *Observation Notes, Rating Sheet* at DLP sa *link* na ito https://tinyurl.com/ModernongGuroKaagapayKoMASID

7. Inaasahan din ang pagpapasa ng ACR *o Activity Completion Report (softcopy)* na ihahanda ng punong-gurong tagapayo sa Filipino na ipapasa sa *link* na ito https://tinyurl.com/MODERNONGGUROKAAGAPAYKO-ACR Ipapasa sa *group chat* (GC) ng mga Tagapayo sa Filipino ang *template* ng nasabing ACR o *Activity Completion Report.*

8. Karagdagan pa rito ang pagsagot sa onlayn na ebalwasyon sa isinagawang pakitang-turo. Ipadadala ang link sa GC ng mga PSDS sa huling linggo ng buwan ng Abril.